Australian Government
Department of Home Affairs

# Ang mga employer na nagsasamantala sa mga migranteng manggagawa ay haharap sa pagbabawal (prohibition) sa pag-empleyo ng mga temporary visa holder sa isang itinakdang panahon

Sa pamamagitan ng Strengthening Employer Compliance Act, ang mga bagong batas na magpoprotekta sa mga migranteng manggagawa laban sa pagsasamantala ay magsisimula sa 1 Hulyo 2024.

Nilalayon ng mga deklarasyon ng pagbabawal (prohibition declarations) na protektahan ang mga walang lakas na pansamantalang migranteng manggagawa laban sa pagsasamantala at itaguyod ang pagtupad ng mga employer at ikatlong partidong mga provider.

Magagawa ang mga ito kung ang isang indibidwal o negosyo ay sumasalungat sa mga bahagi ng Migration Act, Fair Work Act o seksyon ng Criminal Code na kaugnay sa pagtrato sa mga pansamantalang migranteng manggagawa. Magagawa rin ang mga ito kung ang isang indibidwal o negosyo ay hindi susunod sa mga abiso ng pagtupad (compliance notices), maipapatupad na mga pangako (undertakings) o obligasyon ng pag-isponsor.

Ang mga pangalan ng pinagbabawalang employer o ikatlong partidong provider ay ilalathala sa Australian Border Force website. Pagkatapos ng pagbabawal, maaari na silang kumuha uli ng mga pansamantalang migrante pero dapat tumupad sa mga espesyal na kinakailangang pagre-report.

Isang paglabag na kriminal ang sumalungat sa deklarasyon ng pagbabawal. Ang mga parusa ay:

- hanggang 2 taong pagkakulong, 360 penalty units (sa kasalukuyan ay multang $118,800) o pareho, o isang parusang sibil na 240 penalty units (sa kasalukuyan ay multang $79,200) para sa isang indibidwal.
- hanggang 1,800 penalty units (sa kasalukuyan ay $594,000) sa mga kasong kriminal, o isang parusang sibil na hanggang 1,200 penalty units (sa kasalukuyan ay $396,000) para sa isang korporasyon.

**Ano ang hindi pwedeng gawin ng isang pinagbabawalang employer?**
Hindi maaaring mag-empleyo ang pinagbabawalang employer (maging isang tao o korporasyon) ng anumang karagdagang mga temporary visa holder para sa isang itinakdang panahon.

**Gaano ang itatagal ng isang deklarasyon ng prohibisyon ng employer?**

- Walang maksimum para sa paglabag na may kaugnayan sa pantaong pangangalakal at modernong pang-aalipin.
- Pinakamatagal ang 10 taon para sa isang paglabag na kriminal (maliban sa mga paglabag na may kaugnayan sa pantaong pangangalakal at modernong pang-aalipin).
- Hanggang 5 taon para sa lahat ng iba pang mga parusa sa migranteng manggagawa.

**Ano ang mangyayari sa mga manggagawa ng pinagbabawalang employer?**
Walang parusa sa mga migranteng manggagawa. Maaaring piliin ng mga kasalukuyang empleyado ng isang employer kung gusto nilang magpatuloy o hindi na magtrabaho sa employer na iyon.

**Maaari bang mag-apila ang isang employer laban sa isang pagbabawal?**
Oo. Ang employer/ikatlong partido ay tatanggap ng isang abiso na nagsasaad ng mga dahilan ng potensyal na pagbabawal. Mayroon silang 28 na araw, o ang panahong nakasaad sa abiso, para gumawa ng nakasulat na paliwanag kung bakit hindi sila dapat maideklarang pinagbabawalang employer.

Hinihimok ang mga migranteng manggagawa na i-report ang pagsasamantala sa Fair Work Ombudsman o Border Watch.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga karapatan ng migranteng manggagawa | Mga bagong batas laban sa pagsasamantala ng migranteng manggagawa | Border Watch | Fair Work Ombudsman |